**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**LALAWIGAN NG LAGUNA**
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG MARSO, 2015 SA GANAP NA IKA-10:27 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ROLANDO G. UBATAY | ---------------- | Tagapangulo ng Sesyon |
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ANTHONY L. MANANSALA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROBEL M. DEL VALLE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EMMANUEL C. MACALAGAY | ---------------- | Kagawad |

**DI- NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. PERCIVAL L. JAVIER | ---------------- | Pangulo-LNB (Nasa Opisyal na Gawain) |

**KAPASIYAHANG BLG. 16 T. 2015**

**KAHILINGAN KAY KGG. GRACE POE LLAMANZARES, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS SA PAMAMAGITAN NI KGG. PROCESO V. ALCALA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA NA MAPAGKALOOBAN NG TULONG PINANSIYAL NA HALAGANG DALAWANG MILYONG ( P 2,000,000.00) PISO PARA SA PAGPAPAGAWA NG STREET SIGN SA LABING-ANIM (16) NA BARANGAY NG BAYAN NG LUMBAN.**

**Akda Ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT,** malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng street sign ng mga barangay para sa kaligtasan ng mga mamamayan at ng mga turista na bumibisita sa ating bayan;

**SAPAGKAT,** kung may mga street sign ang bawat barangay ay mas madaling matutunton ng mga bumibisita sa ating bayan ang kanilang pupuntahan;

**SAPAGKAT,** kung may street sign ang bawat barangay, maiiwasan ang pagsisikip ng trapiko gayundin ang mga aksidenteng dulot nito;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan ni Kgg. Emmanuel C. Macalagay at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo,ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito' y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin kay Kgg. Grace Poe Llamanzares, Senador ng Republika ng Pilipinas sa pamamagitan ni Kgg. Proceso V. Alcala, Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka na mapagkalooban ng tulong pinansiyal na dalawang milyong **( P 2,000,000.00)** piso upang ilaan sa pagpapagawa ng street sign sa sa labing anim (16) na barangay ng Bayan ng Lumban;

**IPINASIYA PA RIN**, ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ng Kgg. Grace Poe Llamanzares, Senador ng Republika ng Pilipinas at sa tanggapan ni Kgg.

Proceso V. Alcala, Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**ROLANDO G. UBATAY**
Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan

Pinagtibay:

**REYNATO R. AÑONUEVO, MD.**
Punumbayan